# 3 ANO ANG IBIG SABIHIN NG MGA RESULTA NG AKING PAGSUSURI?

### KUNG ANG IYONG PAGSUSURI AY POSITIBO:

- Kunan ng larawan ang iyong pagsusuri kung ito ay isinagawa sa isang VA Video Connect (VVC) na pagbisita
- Makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng VA / pangkat ng pangangalaga ***agad-agad*** at sabihin sa kanila na ikaw ay nagpositibo. ***Kung inirerekumenda ang pagpapagamot, kailangan itong simulan sa lalong madaling panahon***
- Magbukod ng hindi bababa sa 5 araw mula sa paglitaw ng iyong unang sintomas o ng iyong positibong pagsusuri
- Sabihin sa lahat ng mga tao na iyong malapitang nakasalamuha na ikaw ay nagpositibo
- Hindi na kailangan na magskedyul ng isang nakabatay sa laboratoryo na pagsusuri (PCR na pagsusuri) kung ang mga resulta ng iyong pagsusuri ng sarili ay positibo
- Magpatingin agad sa doktor kung ang iyong karamdaman ay naging malubha, tulad ng hirap sa paghinga o mataas na lagnat
- Kung hindi ka maaaring ganap na makapagbukod, magsuot ng isang mask na tamang-tama ang pagkakasya sa anumang oras na ikaw ay nasa paligid ng ibang mga tao ng hindi bababa sa 5 araw.
- Kung hindi mo pa natawagan ang provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan / pangkat ng pangangalaga, magpadala ng isang ligtas na mensahe sa pamamagitan ng My HealtheVet bago tapusin ang iyong pagbubukod

### KUNG ANG RESULTA NG IYONG PAGSUSURI AY NEGATIBO:

- Subaybayan ang iyong kalusugan para sa mga umuusbong na sintomas
- Isaalang-alang ang pagsasagawa ng isa pang pagsusuri ng sarili sa loob ng 2 o 3 araw
- Kung ikaw ay may mga sintomas, maaaring mayroon ka pa rin ng COVID-19 o iba pang impeksyon tulad ng trangkaso. Tawagan ang iyong pangkat ng PACT para sa payo, at upang magskedyul sa iyong VA medical center ng isang nakabatay sa laboratoryo na pagsusuri (PCR na pagsusuri)
- Ipagpatuloy ang mga pag-iingat laban sa COVID-19 (pagsusuot ng mask at pisikal na pagdistansya) upang maiwasan na mahawahan o mapalaganap ang virus

### KUNG HINDI KATANGGAP-TANGGAP ANG IYONG PAGSUSURI:

- Sundin ang mga tagubilin sa pagsusuri para sa susunod na mga hakbang

**Tatlong paraan upang mag-request ng isang pagsusuri sa laboratoryo ng COVID-19 sa isang medikal na pasilidad ng VA:**

| 1 | 2 | 3 |
|---|---|---|
| Magpadala ng isang ligtas na mensahe sa iyong provider ng pangunahing pangangalaga ng VA sa pamamagitan ng My HealtheVet na nagrerequest ng isang pagsusuri sa laboratoryo | Mag-request ng isang appointment sa pamamagitan ng My HealtheVet para sa isang pagsusuri sa laboratoryo | Tawagan ang iyong pangkat ng pangangalagang pangkalusugan ng VA at mag-request ng isang pagsusuri sa laboratoryo |



## MAY MGA KATANUNGAN KA PA BA?

Mga katanungan tungkol sa mga sintomas, kung magsasagawa ba ng pagsusuri ng sarili sa COVID-19, o magskedyul ng isang PCR na pagsusuri? Makipag-ugnayan sa iyong lokal na VA

[Insert Local Facility Contact Information]

Para sa pangkalahatang mga tanong tungkol sa iyong kalusugan, makipag-ugnayan sa provider ng iyong pangangalagang pangkalusugan ng VA / pangkat ng pangangalaga.

Para sa pangkalahatang mga tanong tungkol sa mga pagsusuri sa laboratoryo ng COVID-19 sa VA, bisitahin ang https://www.va.gov/resources/covid-19-testing-at-va/ o i-scan ang QR code:

# PAGSUSURI 1-2-3: MGA KIT NG PAGSUSURI NG SARILI SA COVID-19

**Pag-unawa kung kailan gagamitin ang mga ito at ano ang gagawin kapag nakuha mo na ang iyong mga resulta**




Alam ng VA na ang pagprotekta sa kalusugan ng iyong mga mahal sa buhay na maaaring manganib sa COVID-19 ay mahalaga para sa iyo, tulad ng mga nagdadalang-tao, mga maliliit na bata, matatanda, at ang mga may maraming medikal na kondisyon at may mahinang kalusugan.

***Ang pagsusuri sa COVID-19 ay isa pa rin sa pinakamahusay na paraan upang mapigil ang paglaganap ng virus. Ang pagsusuri ay ligtas, tumpak, mabilis, at maaaring gawin sa bahay.***

VA | U.S. Department of Veterans Affairs | Choose VA

# MGA KIT PARA SA PAGSUSURI SA SARILI NG COVID-19: MABILIS, MAGINHAWA, LIGTAS

## 1 KAILAN AKO DAPAT MAGSAGAWA NG PAGSUSURI SA SARILI NG COVID-19?

**Dapat mong suriin ang iyong sarili para sa COVID-19 kung ikaw ay:**

- May mga sintomas ng COVID-19 (sipon o mga sintomas tulad ng trangkaso), tulad ng sakit ng ulo, ubo, pagkawala ng panlasa o pang-amoy, lagnat, o pangangapos ng hininga
- Nalantad sa isang tao na nagpositibo sa COVID-19 (kahit na ikaw ay walang mga sintomas)
- Nalantad sa isang tao na may mga sintomas ng COVID-19 (kahit na ikaw ay walang mga sintomas)
- Nagpaplano na magtipon-tipon sa loob kasama ang pamilya o mga kaibigan na nasa panganib ng malubhang COVID-19, mas matandang mga tao at mga nakompromiso ang imyunidad

***Ang malaman kung ikaw ay nahawahan ng COVID-19 ay mahalaga upang makakuha ng tamang pangangalagang medikal, at upang maprotektahan ang iyong mga mahal sa buhay.*** Ang pagsusuri, kasama ang pagbabakuna, pagsusuot ng mask, at pisikal na pagdistansiya ay maaaring makatulong sa pag-iwas sa paglaganap ng virus.

### Mag-order ng *Libreng* Mga Kit ng Pagsusuri ng Sarili sa COVID-19

Ang bawat tahanan sa U.S. ay kuwalipikado na makatanggap ng 4 na mga Pagsusuri ng Sarili sa COVID-19 mula sa **CovidTests.gov.**

***Ang mga pagsusuri na ito ay ganap na libre.***

Maaari mong i-order ang libreng mga pagsusuri sa pamamagitan ng pagbisita sa website, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-232-0233 upang makausap ang isang tao sa wikang Ingles, Espanyol, at higit sa 150 na iba pang mga wika. Ang linya sa pagtawag na ito ay bukas ng 8 a.m. hanggang hatinggabi ng ET, 7 araw sa isang linggo. Mayroon ding isang TTY na linya (1-888-720-7489) upang sumuporta sa pag-akses ng mga tumatawag na may kapansanan sa pandinig.





## 2 PAANO KO ISASAGAWA ANG ISANG PAGSUSURI NG SARILI SA COVID-19?

Basahin nang mabuti ang mga tagubilin sa loob ng pagsusuri. Kung hindi mo susundin ang mga tagubilin tulad ng isinulat, ang resulta ng iyong pagsusuri ay maaaring maging hindi katanggap-tanggap. Ang bawat pagsusuri ay iba, ngunit ang lahat ng mga ito ay mga toll-free na numero na maaaring tawagan para sa tulong. Ang QR code sa ilang mga pagsusuri ay maaaring i-scan para sa isang video na may mga tagubilin kung paano ito gamitin.

***Upang makakuha ng pinakamahusay na mga resulta, ang mga pagsusuri ng sarili ay dapat na isagawa sa isa sa dalawa sa mga sumusunod na paraan, nasa pagkakasunod-sunod batay sa kagustuhan:***

1. Isagawa ang pagsusuri ng sarili sa isang telehealth na pagbisita kasama ng iyong VA na pangkat ng pangangalaga - magskedyul ng isang VA Video Connect (VVC) na telehealth na pagbisita sa pamamagitan ng My HealtheVet
2. Kunan ng larawan ang resulta ng iyong pagsusuri ng sarili at ipadala sa iyong VA na pangkat ng pangangalaga gamit ang isang ligtas na mensahe sa pamamagitan ng My HealtheVet o ibahagi ang larawan sa isang VVC telehealth na pagbisita

Subalit, kung ang nabanggit sa itaas ay hindi magagamit pagkatapos isagawa ang pagsusuri, i-ulat ang anumang positibong resulta sa iyong provider sa karaniwan na paraan.

**Ang bawat pagsusuri ay magsisimula sa mga tagubiling ito:**

- Hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig
- Buksan ang pagsusuri at sundin nang mabuti ang mga tagubilin.
- Bago magsimula, tiyakin na ikaw ay may timer o orasan dahil ang pagbasa ng mga resulta bago o pagkatapos ng tinukoy na oras ay maaaring magresulta sa hindi katanggap-tanggap na mga resulta

I-scan ang QR code upang makita ang mga video ng tagubilin sa kung paano gamitin ang mga pagsusuri ng sarili na inawtorisa ng FDA. Kahit na nakakatulong ang mga video na ito, mahalaga na basahin ang mga tagubilin sa iyong kit ng pagsusuri bago magsimula.